

Filipino

No. 352 Hulyo 2024



# Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building - 3F

Community Activity Support Section



Website ♪



Instagram ♪

## Events

### Koshigaya Fireworks Festival

**KAILAN:** Hulyo 27, Sabado (Kansela kung malakas ang ulan)

7:00pm ang opening ceremony

7:10pm ang simula ng pagputok ng fireworks

**SAAN:** Malapit sa Central Community Center at Kasai Reservoir (sa may tabing ilog)

**PAALALA:** Kung maari, iwasan ang pagpunta sa lugar na naka sasakyan.

May pagbabago sa regulasyon ng trapiko sa araw na ito.

**IMPORMASYON:** Koshigaya Tourism Association (KOSHIGAYA KANKO KYOKAI)

☎048-971-9002



Website ↑  
*Japanese only*

### Hands-on experience ng traditional Japanese dance

**KAILAN:** Agosto 4, Linggo / 10:00am - 12:00noon

**SAAN:** Koshigaya Noh Theater

**ANO:** Pagsusuot ng kimono, lesson ng tradisyunal na sayaw ng Japan at iba pa.

**SINO ANG PWEDENG SUMALI:** Mga bata sa elementarya kasama ang magulang

**ILANG ANG PWEDENG SUMALI:** 10 pairs/group (20 ka tao), \*first-come first-served

**MAGKANO ANG BAYAD:** ¥1000 bawat pair (+¥500 bawat adisyunal na bata na sasali)

**APLIKASYON:** Tumawag sa Noh Theater bago o hanggang Hulyo 30.

**IMPORMASYON:** Koshigaya Noh Theater (KOSHIGAYA NO GAKUDO), ☎048-964-8700

9:00am - 5:00pm (Maliban tuwing Miyerkules)

### Summer event para sa mga bata

**KAILAN:** Hulyo 24, Miyerkules / 10:30am - 11:30am & 2:00pm - 3:00pm

**SAAN:** Municipal Library 2<sup>nd</sup> floor audiovisual room

**ANO:** Puppet show, storytelling (kamishibai), picture books, finger play at iba pa

\*Dalhin ang numbered entry ticket at ang drawing paper sa araw ng ebento.

\*Ang numbered entry tickets at drawing paper ay makukuha sa municipal library, northern library, southern library at central library.

**SINO ANG PWEDENG SUMALI:** Mga bata sa elementarya, 50 ang maximum

**APLIKASYON:** Magpalista mula 9:30am sa Hulyo 13, upang mabigyan ng numbered entry ticket at drawing paper na kailangan dalhin o gagamitin sa araw ng ebento.

**IMPORMASYON:** Koshigaya Municipal Library (KOSHIGAYA TOSHOKAN), ☎048-965-2655



Website ↑  
*Japanese only*

## Useful Information

### Kaugnay sa reduksyon at iba pa ng National Pension

**ANO:** Sestemang para sa mga nawalan ng trabaho at lumiit ang kinikita na nahhirapan sa pagbayad ng national pension premium. Maaring mag-apply upang mabigyan ng eksempsyon (full/partial) sa halaga na babayaran o di kaya magkakaroon ng palugit sa deadline ng pagbayad.

**SAAN PWEDENG MAG-APPLY:** Sa National Health Insurance Section ng city hall o di kaya sa National Pension Office, Koshigaya branch.

**MGA DADALHIN SA APLIKASYON:** My number card o di kaya pension book, valid ID

\*Kung ang rason ay nawalan ng trabaho, magdala ng resignation certificate at iba pa.

**PAALALA:** Pwedeng mag-apply online sa 'Myna Portal' kung may 'My Number Card'.

Para sa detalye, tingnan sa website ng Koshigaya.

**IMPORMASYON:** National Health Insurance and Pension Section  
(KOKUHO NENKIN KA), ☎048-963-9155 / (City Hall 2<sup>nd</sup> Bldg. 1F)  
National Pension Office Koshigaya Branch, ☎048-960-1190  
(Koshigaya Twin City B-City 3F)



Website ↑  
*Japanese only*

### Pagsumite ng Genkyo Todoke

Ang mga tumatanggap ng child rearing allowance at special child rearing allowance, kasama ang temporaryong nahinto na bigyan ng allowance, ay kailangan magsumite ng present status notification o income status report (genkyo todoke) sa buwan ng Agosto. Tandaan na kung hindi ito masumite, mahihinto ang pagbigay ng allowance simula buwan ng Nobyembre.

**IMPORMASYON:** Child Welfare Section (KODOMO FUKUSHI KA), City Hall 2<sup>nd</sup> Bldg. 2F

Child Rearing Allowance



☎048-963-9166

Website ↑  
*Japanese only*

Special Child Rearing Allowance



☎048-963-9172

Website ↑  
*Japanese only*

### Kaugnay sa pagbabayad ng buwis

Maliban sa pagbabayad ng buwis sa mga convenience stores gamit ang payment slip, pwede ring gawin ang pagbabayad sa pamamagitan ng sumusunod:

**Bank transfer:** Direktang pagbawas ng babayaranang halaga sa iyong bank account

**Smartphone apps:** Basahin sa payment app na gagamitin ang QR code ng payment slip upang magbayad. Hindi mo na kailangan magpunta pa sa mga payment counters!






\*Pwede ring magbayad gamit ang eL-QR (electronic payment).

Para sa detalye, tingnan sa website ng Koshigaya.

**IMPORMASYON:** Tax Collection Section (SHUNO KA), ☎048-963-9141

## Saan pwedeng kumuha ng impormasyon sa panahon ng sakuna

Sa panahon ng lindol, baha, at iba pang kalamidad, magbibigay ang Koshigaya City ng impormasyon kaugnay sa paglikas, at iba pa. Pwede ring kumuha ng impormasyon sa TV, radio, internet at iba pa. Ang mga sumusunod ay pwedeng mapagkunan ng impormasyon.

<p><b>Bosai Koshigaya App</b>, Mapapakinggan ang broadcast ng municipal radio at makakakuha ng impormasyon tungkol sa kalamidad at iba pa.</p>	
<p><b>NHK G TV (Channel 1)</b>, Sa mga TV na pwede sa datacasting, pwedeng makita ang impormasyon tungkol sa weather information at kalamidad sa pamamagitan ng pagpindot ng <b>d button</b> ng remote controller.</p>	
<p><b>NHK WORLD-JAPAN</b>, Isang international service ng NHK na pwedeng makakakuha ng impormasyon sa iba't-ibang wika sa TV, radio at internet.</p>	
<p>Para sa detalye tingnan sa website ng siyudad ang Koshigaya City Disaster Preparedness Guidebook.</p>	
<p>Ang Koshigaya City Disaster Preparedness Guidebook ay nakasulat sa <b>Simple Japanese, English, Chinese at Vietnamese</b></p>	

**Impormasyon:** Crisis and Management Office (KIKI KANRI SHITSU)  
City Hall Main Building 3F, ☎ 048-963-9285

~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji

## Tanabata, Making a wish in the summer night sky

Ang tema ngayong buwan ay isa sa mga festival ng Japan na tinatawag na “Tanabata Festival” .

May alam ka ba tungkol sa tanabata festival? Ito ay isang pagdiriwang na sinasabing kaugalian o nagmula sa China. Ito ay ipinagdiriwang sa Japan kada Hulyo 7. At isa sa popular na ginagawa sa festival na ito ay ang pagsulat ng mga hiling sa isang papel at pagkatapos ay ikakabit ang mga ito sa kawayan. Napakaraming teorya tungkol sa Tanabata at isa sa pinaka popular nito sa Japan ay ang tungkol sa kwento ni Orihime at Hikoboshi...



*“Noong unang panahon, ang anak ng hari ng kalangitan na si Orihime at ang isang pastol na si Hikoboshi ay ikinasal. Pagkatapos kasal, ang dalawa ay palagi nalang naglalaro at nakalimutan nila ang kanilang obligasyon sa trabaho. Nagalit ang hari at pinahiwalay ang dalawa sa magkabilang dulo ng milky way. Ngunit palaging umiiyak ang dalawa araw-araw sa sobrang lungkot. Dahil dito, nangako ang hari na kapag maging seryoso sila na magtrabaho araw-araw, bibigyan sila ng pagkakataon na muling magkita isang beses sa isang taon, sa Hulyo 7.”*

Sa Japan, ang *weaving princess* na si star Vega ay kilala bilang *Orihime* at ang *heardsman* na si star Altair ay kilala bilang *Hikoboshi*. Ayon sa kasabihan, sa gitna ng dalawang bituin na ito ay ang milky way na makikita sa madilim na kalangitan.

Baka gusto mo ring humiling habang manood ng milky way?!

## Japanese Language Classes sa Buwan ng Hunyo

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
	1	2 ☆Minna de Nihongo	3 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	4	5 ☆Nihongo de Go!①	6 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
7	8	9 ☆Minna de Nihongo	10 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	11	12 ☆Nihongo de Go!①	13 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu
14	15	16 ☆Minna de Nihongo	17 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	18	19 ☆Nihongo de Go!①	20 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
21	22	23 ☆Minna de Nihongo	24 ☆Kosumo Nihongo Salon	25	26 ☆Nihongo de Go!②	27 ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu
28	29	30	31	<b>Paalala:</b> Ang Japanese Language Class tuwing Martes ay matatapos ngayong buwan ng Hulyo. Ang huling klase ay sa petsa 23.		

<b>Minna de Nihongo</b> ¥500/buwan	<b>Kailan:</b> Tuwing Martes, 10:00 AM – 12:00 noon <b>Saan:</b> Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F <b>Impormasyon:</b> ☎ 048-989-6342 (Imaizumi-san)	
<b>Nihongo Circle</b> [¥100/lesson] *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	<b>Kailan:</b> Tuwing Miyerkules, 10:00 AM – 12:00 noon <b>Saan:</b> Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 4F/5F <b>Impormasyon:</b> ☎ 080-5405-9191 (Tanaka-san)	
<b>Kosumo Nihongo Salon</b> ¥100/lesson	<b>Kailan:</b> Tuwing Miyerkules, 7:00 PM – 8:30 PM <b>Saan:</b> Hot Koshigaya, Parte Kita-Koshi 3rd floor <b>Impormasyon:</b> ☎ 090-5347-2041 (Kojima-san)	
<b>Nihongo de Go!</b> [¥100/lesson]	<b>Kailan:</b> Tuwing Biyernes, 1:30 PM – 3:30 PM <b>Saan:</b> ①Co-op Plaza Koshigaya ②Minami Koshigaya Community Center (Pallette) <b>Impormasyon:</b> ☎ 090-5574-7070 (Takayama-san)	
<b>Lingual Koshigaya</b> (Libre) *Mag-text bago magpunta.	<b>Kailan:</b> Tuwing Sabado, 10:00 AM – 12:00 noon <b>Saan:</b> Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F <b>Impormasyon:</b> ☎ 080-3478-3314 (Suzuki-san)	
<b>Tabunka Kodomo Gakushu Juku</b> (Libre)	<b>Kailan:</b> Tuwing ika-1 at 3 Sabado, 1:30 PM – 3:30 PM <b>Saan:</b> Community Activity Support Center (Twin City, B City - 5F) <b>Impormasyon:</b> ☎ 090-7422-2002 (Ogawa-san)	
<b>Kosumo Kodomo Kyoshitsu &amp; Kosumo Nihongo Salon Sengendai</b> (Libre)	<b>Kailan:</b> Tuwing Sabado, 1:30 PM – 3:30 PM (Maliban sa ika-5 Sabado) <b>Saan:</b> Saitama Resona Sengendai Branch 3F, Youth Base <b>Impormasyon:</b> ☎ 090-8310-9522 (class in-charge)	